# Kabanata 5 Residensya : Certificate of Residence / Moving Notifications, atbp.

## 1 Residence, Certificate of Residence

### (1) Ang mga Residence Records

Ang residence records ay inilalaan para sa pagpanatili at mapatotohanan ang mga personal na impormasyon tulad ng pangalan, araw ng kapanganakan at address. Ang residence record para sa mga dayuhang residente ay nagpapanatili at nagpapatotohana ng dagdag na impormasyon tulad ng nasyonalidad/region, status of residence at takdang panahon ng pananatili dito. Personal seal registration, National Health Insurance, taxes (buwis) at iba pang bagay ay nakabatay sa mga records na ito.

**《Mga dayuhang residente na nararapat magkaroon ng residence record》**

①Medium- to long-term residents (nararapat magkaroon ng resident card, Zairyu Card) Mga dayuhan na nabigyan ng status of residence ng mahigit 3 buwan maliban sa mga sumusunod: mga nabigyan ng permisong manatili dito na may temporary visitor/diplomat/official status of residence status.

②Special permanent resident

③Mga makakapanatili dito sa Japan dahil dito ipinanganak at sa mga nawalan ng nasyonalidad ng Hapon. Ang mga taong ito ay maaaring manatili dito ng walang status of residence hanggang 60 araw mula ipinanganak o pagkawala ng nasyonalidad ng Hapon.

④Mga taong nabigyan ng permiso para sa pansamantalang paninirahan o paglagi.

※Ang mga hindi Hapon na hindi nakapasok sa alinman sa mga kategorya ay hindi pwede para sa Residenteng pagpa-rehistro.
Walang kopya ng Residence Record o Seal Registration Certificate na maibibigay sa mga ito.

### (2) Kopya ng Residence Record

Kapag kailangan ninyo ng kopya ng inyong residence record o sertipiko ng iba pang mga bagay na nakarehistro sa residence record, mangyari lamang na dalhin ang kailangang dokumento at mag-request sa Household Residents Registry Division o sa inyong local branch office(P.17).

| Kailangang dokumento | Bayad | Counter na pagkukuhanan |
|---|---|---|
| Personal ID tulad ng Resident Card, Special Permanent Resident Certificate, Drivers' license, Health Insurance Certificate, passport, atbp. | ¥300 / kopya | Household Residents Registry Counter / Branch Offices(P.17) |

※Kapag nagpa-proxy sa pagkuha, kinakailangan ng proxy letter at ID ng proxy tulad ng Resident Card, Special Permanent Resident Certificate, Drivers' license, Health Insurance o Passport, atbp.

## (3) Pamamaraan kapag lumipat sa Ota City mula overseas o mabago ang address.

**[Sumangguni sa] Household Residents Regisrty Division ☎03-5744-1185**

Pamamaraan tungkol sa mga pagbabago sa inyong address ay maisagawa sa Household Residents Registry Division o sa Branch Office(P.17).

| Okasyon | Panahon ng notipikasyon | Kailangang dokumento |
|---|---|---|
| Kapag lumipat sa Ota City mula overseas | Sa loob ng 14 araw mula paglipat | Residence Card, Permit for Provisional Stay, Permit for Temporary Refuge o Special Permanent Resident Certificate<br>※Maaaring hingan kayo ng dokumentong magpapatunay ng kaugnayan sa ulo ng pamilya. |
| Kapag nabago ang inyong status of residence tulad ng mid-at long-term resident, atbp. | Sa loob ng 14 araw mula ng mabago | |
| Kapag lumipat sa Ota City mula sa ibang munisipalidad | Sa loob ng 14 araw mula paglipat | Sertipiko ng paglilipat na galing sa munisipalidad ng dating address at Resident Card ng lahat ng miyembro ng tahanan (Special Permanent Resident Certificates kapag special permanent residents.) |
| Kapag lumipat palabas ng Ota City | Bago lumipat palabas ng Ota City | Resident Card ng lahat ng miyembro ng tahanan (Special Permanent Resident Certificates kapag special permanent residents.)<br>※Mangyari lamang na isauli ang inyong National Health Insurance certificate, Nursing Care Insurance certificate, Infants Medical Care certificate o certificate ng Medical Insurance System for Older Senior Citizens, atbp.<br>※Kapag nagbago ng relasyon, maari lamang na magbigay ng dokumento o tala na magpapatunay sa relasyon |
| Kapag lumipat sa loob din ng Ota City | Sa loob ng 14 araw mula paglipat | |
| Kapag nabago ang puno ng tahanan | Sa loob ng 14 araw mula ng mabago | |
| Kapag nabago ang inyong relasyon sa puno ng tahanan | | |

※ Kapag nagpa-proxy sa pagkuha, kinakailangan ng proxy letter at ID ng proxy tulad ng Resident Card, Special Permanent Resident Certificate, drivers' license, Health Insurance o passport, atbp.



## (4) Residence Related Notifications

**[Sumangguni sa] Household Residents Registry Division ☎ 03-5744-1183**

| Notisya at Itinakdang Panahon | Patutunguhan | Mga Kailangan | Sino ang Binibigyan ng Abiso |
|---|---|---|---|
| Abiso sa Kapanganakan: Sa loob lamang ng 14 na araw (Kabanata 11 - Para sa mga Bata) | 1. Permanenteng address ng ama at ina<br>2. Address ng nagbigay ng notipikasyon<br>3. Lugar ng kapanganakan ng bata. | Notisya (1 kopya para sa Ota City); Birth certificate (pina -totohanan ng doctor o midwife) | Ama o Ina (komunsulta kung mayroon pang ibang rsidente) |
| Sertipiko ng Kasal (Kabanata 6 - Kasal) | 1. Rehistradong address ng ina o ama<br>2. Address ng asawang babae o lalaki | Notisya (1 kopya para sa Ota City);<br>ID (driver's license, passport atbp.) ng taong nagpunta sa counter | Asawang babae o lalaki |
| Notipikasyon ng diborsyong napagsang-ayunan (Kabanata 6 - Diborsyo) | 1. Rehistradong address ng mag-asawa<br>2. Address ng mag-asawa | Notisya (1 kopya para sa Ota City);<br>Kopya ng Certificate of Residence ng asawang Hapon;<br>ID (driver's license, passport atbp.) ng taong nagpunta sa counter | Asawang babae o lalaki |
| Notipikasyon ng Pagkamatay: Sa loob ng 7 araw mula sa pagkaalam nito | 1. Rehistradong address ng namatay<br>2. Address ng nagbigay ng notipikasyon<br>3. Lugar kung saan ito namatay | Notisya (1 kopya para sa Ota City)<br>Sertipiko ng Kamatayan (pinatotohanan ng doktor) | Kamag-anak ng namatay; (kumonsulta kung may iba pang residente) |
| | Sa pagkatanggap ng sertipikasyon ng kamatayan, prmiso sa pag cremate ay i-isyu. | | |


※ Kapag namatay sa ibang bansa Kailangang isang tao na kasama sa tahanan ay mag-submit ng original legal death certificate na may translation sa municipal office ng kasalukuyang resident registration kung kinakailangan ipabura ang residence record.

※ Ang address para sa notipikasyon ay maaaring residensyal or pansamantalang tinitirhan.

## 2 Resident Card at Special Permanent Resident Certificate

**[Sumangguni sa] • Resident (Zairyu) Card - Tokyo Regional Immigration Bureau**
**☎0570-034259**
**• Special Permanent Resident Certificate - Household Residents Registry Division**
**☎03-5744-1187**

※ Ang mga dayuhan ay binibigyan ng resident Card para sa medi-um- to long- term na pamamalagi , o Special Permanent Resident Certificate para sa mga special na permanenting residente.




### (1) Pamamaraan para sa residensya at pag-update ng Resident Card/ Special Permanent Resident Certificate

Magagawa lang sa Immigration Services Agency of Japan (Tokyo Regional Immigration Bureau para sa nakatira sa Ota City) ang lahat ng proseso ng pagbabago (maliban sa pagbabago ng address) tulad ng pagbabago ng istatus ng status of residence ng mid-term at long-term resident, pagbabago ng panahon ng status of residence pagbabago ng Residence Card, at pagbabago ng pangalan, nasyonalidad, at iba pa.

Magagawa sa Household Residents Registry Division ang pagbabago ng pangalan at nasyonalidad ng Special Permanent Resident, at pagbabago ng Special Permanent Resident Certificate.

### (2) Resident Card

Ang resident card ay ibinibigay kapag nakatanggap na ng residency permit, kalakip dito ang landing permit, permit para sa pagpapalit ng residency status, at permit sa pagpa-renew ng residency para sa mid- to long-term resident.

Tandaan na lahat ng parte ng impormasyong nakatala sa resident card ay irerekord sa IC chip upang hindi palsipikahin (forged) o mabago (altered).

※ Mid-to Long-Term Resident

A ng nararapat maging mid-to long-term resident sa ilalim ng bagong sistema ng pamamalakad ng residensya ay ang mga dayuhan na hindi nabibilang sa mga sumusunod na kategorya,

・Taong may permisong magtagal ng “3 buwan” pababa.
・Taong may “Temporary Visitor” status
・Taong may “Diplomat” o “Official” status
・Mga staff ng Japanese office of Taiwan-Japan Relations Association (Taipei

Economic and Cultural Representative Office in Japan), atbp. at ng Permanent General Mission of Palestine in Japan, na may permisong “Designated Activities” at ang kanilang pamilya

- Special permanent residents
- Pansamantalang pinalayang dayuhan
- Taong walang resident status

## ① Ang panahon ng pagiging valid ng resident card ay ang sumusunod:

Bago mag-expire, mag-aplay ng extension nito sa Tokyo Regional Immigration Bureau.

**[Permanent residents]**

7 taon mula araw ng ipinagkaloob para sa mga 16 yrs. old pataas.

Hanggang sa araw ng ika-16 yrs. na kaarawan para sa mga wala pang 16 yrs. old.

**[Iba pa]**

Hanggang sa araw ng pag-expire ng itinakdang panahon para sa mga 16 yrs. old pataas.

Alinman sa mauuna, araw ng pag-expire o ika-16 yrs. na kaarawan, para sa mga wala pang 16 yrs. old.

## ② Pag-aaplay sa Tokyo Regional Immigration Bureau

**◯ Notipikasyon ng pagpalit ng pangalan, kapangakan, kaurian o nasyonalidad / region**

Kapag binago ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad at lugar dahil nagbago ang apelyido, nasyonalidad, lugar sa pag-aasawa, i-report iyon saTokyo Regional Immigration Bureausa loob ng 14 araw mula sa pagbabago.

**◯ Aplikasyon sa pag-update ng validity ng panahon ng resident card.**

Para sa permanent resident at at taong wala pang 16 yrs. old at mag-e-expire ang Residence Card niya sa araw ng kapanganakan na maging 16 yrs. old siya, mag-aplay ng extension nito saTokyo Regional Immigration Bureaubago mag-expire iyon.

Ang permanent resident ay makakapag-aplay dito mula 2 buwan bago mag-expire iyon. At, ang taong wala pang 16 yrs. old at mag-e-expire ang Residence Card niya sa araw ng kapanganakan na maging 16 yrs. old siya ay makakapag-aplay naman dito mula 6 buwan bago ng araw ng kapanganakang siya ay maging 16 yrs. old.

**◯ Aplikasyon sa pagpa re-issue ng resident card**

Sa pangyayari na ang inyong resident card ay mawala, manakaw, masira o deformed, mangyari lamang na mag-apply ng pagpa re-issue sa Regional Immigration Office.

- Sa pangyayari na ang inyong resident card ay mawala o manakaw, mangyari lamang na mag-apply ng pagpa re-issue sa loob ng 14 araw mula sa pagkapansin na nawala ito(o sa araw ng pagbalik sa Japan halimbawang naiwala ito sa labas ng bansa).

※ Pakisuyong magtanong sa Tokyo Regional Immigration Bureau tungkol sa mga dokumentong kailangan sa pag-aaplay.

- Sa pangyayari na ang inyong resident card ay masira o deformed, siguraduhin na mag-apply ng pagpa re-issue sa lalong madaling panahon.

## 3 Personal Seal Registration

**[Sumangguni sa] Household Residents Registry Division ☎03-5744-1185**

Sa Japan, sa halip na pirma ang personal seal ay kailangan bilang opisyal na batayan sa mga sitwasyon tulad ng mga transaksyon at pagpapatala (registration) ng ari-arian (real estate) gayundin sa pagpiprma ng kontrata.

### (1) Mga taong pwedeng magparehistro ng selyo sa Ota City

Makakagawa nito ang nasa Ota City ng kaniyang Residence Certificate. Maipaparehistro ang isang seal ng bawat tao. Hindi ito magagawa ng magagawa ng taong wala pang 15 yrs. old at adultong nangangailangan ng guardian(※).

※ Magagawa ang pagpaparehistro kung kasama ang guardian ng adultong iyon.

### (2) Pamamaraan ng pagparehistro ng Selyo

Sa pagpaparehistro ng inyong selyo, mangyari lamang na personal na dalhin ang selyo kasama ang inyong balidong Resident Card o Special Permanent Resident Certificate, atbp. sa Household Residents Registry Division o sa inyong local branch office(P.17). Registration Card ay ibibigay sa mga taong nagparehistro ng selyo. (May bayad na 100 yen)

### (3) Mga kondisyon para sa selyo

Ang pangalan na nakalagay sa selyo ay kailangang pareho sa legal na pangalan na naka-rehistro sa inyong residence record o rehistradong alias. Ang imprenta ng selyo ay kailangang:

① mas malaki sa 8mm square.

② mas maliit sa 25mm square.

※ Mga selyo na ang porma ay sira tulad ng mga gawa sa rubber(goma) at ang dulo ay punit o bakbak ay hindi tinatanggap.

### (4) Kapag naiwala ang "Personal Seal Registration Card"

Kinakailangang mag-file ng "notipikasyon sa pagkawala ng Personal Seal Registration Card" at iparehistro ito ulit.

### (5) Pag-isyu ng Seal Registration Certificate

Maaaring kompletuhin ang pamamaraan sa aplikasyon sa Household Residents Registry o inyong lokal na branch office(P.17). Maaaring magpa-proxy ang iyong Personal Seal Registration card. (Ang bayad ay ¥300/kopya.)